
3

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat Markahan – Modyul 1: Pananalig sa Diyos




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat Markahan – Modyul 1: Pananalig sa Diyos**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rina A. Albano, Nova Joy B. Borja, Mylin B. Cayao, Helen Grace A. Navaja

**Editor:** Althea S. Llameg, Arlene U. Lastimoso, Jocelyn E. Oyog

**Tagasuri:**

**Tagaguhit:** Daryl L. Escobar, Maredione B. Flores, Alvin J. Opong, Daisy Mae F. Rillas

**Tagalapat:** Marco R. Abellon

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Janette G. Veloso, Analiza C. Almazan, Ma. Cielo D. Estrada, Lorenzo E. Mendoza, Felix I. Antecristo, Ernie E. Agsaulio, Nelia Q. Madelo, Alirna O. Andoy

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikaapat Markahan – Modyul 1: Pananalig sa Diyos

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa ating pagpapakita ng pananalig sa Diyos. Maingat at mabusisi na ginawa ang bawat detalye o laman ng modyul na ito para sa ating mga mag-aaral upang lubusang maintindihan ang kahalagahan ng pagpapakita ng pananalig sa Diyos (EsP3PDIVa– 7).

Ang layunin ng modyul na ito na maipamamalas ang pagmamahal sa lahat ng nilikha ng Diyos at kaniyang mga biyaya sa pamamagitan ng pagpapakita ng kahalagahan ng pag-asa para makamit ang tagumpay.

Ang yunit na ito ay hinati sa tatlong aralin:

Aralin 1: Pananalig sa Diyos

Aralin 2 : Pag-asa: Susi sa Minimithing Pangarap

## *Subukin*

Sagutin ang sumusunod na katanungan at isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Maligaya ka ba sa iyong buhay?
2. Kapag nalulungkot ka at may problema, ano ang iyong ginagawa?
3. May pananalig ka ba sa ating Diyos?
4. Paano mo ito maipakikita?

# Aralin 1 Pananalig sa Diyos

## *Balikan*

Kaya ko, Magagawa ko!

Tayo ay isang obra maestra ng ating Diyos. Nilikha Niya tayo ayon sa Kaniyang wangis. Ang ating buhay ay biyaya mula sa Kaniya at ito ay sumisimbolo sa Kaniyang dakilang pagmamahal sa buong sangkatauhan. Ngunit, ang ating buhay ay hindi perpekto; mayroon tayong mga pagsubok at problemang kakaharapin at dahil doon nasusubukan ang tatag at pananalig natin sa Diyos.

Tandaan natin 'to (pagpapalalim ng paksa):

- Ang ating tiwala at pananalig sa Kaniyang kapangyarihan at pagmamahal ay kailangan nating ipakita dahil lubos Siyang masisiyahan sa mga bagay at gawain ng tao na naaayon sa Kaniyang mga kagustuhan.

Ang paggawa nang mabuti sa ating kapuwa tao at pagdarasal ay mga magagandang halimbawa ng pagpapakita ng ating tiwala sa ating Diyos. Mga simpleng bagay na kung ating tingnan, pero ito'y kalugod-lugod sa mata ng ating dakilang Diyos.

# Tuklasin

Suriin ang mga larawan sa bawat kahon at sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

A.



B.



C.



1. Ano ang iyong damdamin sa bawat larawan?
2. Alin sa mga larawan ang madalas mong ginagawa bilang pagpapakita ng iyong pananalig sa Diyos? Ipaliwanag ang iyong sagot.


## Suriin

Basahin at unawain ang kuwento ng isang batang puno ng pag-asa at may pananalig sa Diyos. Sagutin ang katanungan pagkatapos basahin ang kuwento. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

### Isang Kuwento ng Pananalig

Isinulat ni: Helen Grace A. Navaja

Lumaki ako sa hirap. Lahat ay limitido lalo na sa pagkain. Mayroong mga panahon na kahit gusto ko pang kumain dahil sa sobrang gutom ngunit hindi ko magawa dahil sapat lang ang inihanda sa amin ng aking ina. Minsan may mga pagkakataong kinukulang pa sa amin ang pagkain na nasa aming hapag kainan. “Konting tiis lang, balang araw magiging maayos din ang lahat”, madalas kong sabi sa aking sarili.



Tuwing pumapasok kami ng aking mga kapatid sa eskwela ay madalas naglalakad lang kami at walang baon, pero naiintindihan namin ang aming sitwasyon. Madalas nagtitiis kami kaysa sa magreklamo.

Isang araw, nahuli akong lumabas ng aming silid-aralan para sa isang gawain. Habang naglalakad ako palabas, mayroon akong nakitang limang daang piso sa sahig. Bigla kong naalala ang aming sitwasyon sa bahay bago ako umalis para pumasok. "Wala na tayong bigas na masasaing para sa hapunan mamaya," ang wika ni nanay.

Kinuha ko ang pera at inilagay ko sa aking bulsa, at walang lingong-likod akong umalis ng silid-aralan. Habang papalapit na ako sa aming pangkat, nakita ko ang aking guro na nakatayo at nagbibigay ng panuto sa aking mga kaklase para sa isang gawain. Bigla kong naalala ang perang nasa loob ng aking bulsa.

Napaisip ako bigla kung ito ba ay aking isasauli o ibibigay sa aking ina para sa aming mga pangangailangan. Ngunit, namayani sa aking puso ang mga pangaral ng aking mga magulang, na hindi puwedeng angkinin ang mga bagay na hindi namin pag-aari, na kahit kami ay mahirap lamang, lagi naming tatandaan ang pagiging mabuti, matiyaga, at matapat sa aming kapuwa dahil ito ang mga bagay na nakapagpapasaya sa ating Diyos.

Agad-agad kong nilapitan ang aking guro at kinausap ko siya tungkol sa perang aking napulot sa sahig. "Ma'am, mayroon po akong nakitang pera kanina, baka po mayroong nawalan ng pera", ang sabi ko sa aking guro. "Naku! Akin iyan, Nathan. Maraming salamat,napakabait mo talagang bata. Pagpalain ka nawa ng Diyos", ang tugon ng aking guro.



Maaaring sinubok man kami ng panahon ngayon, ngunit hindi ito ang dahilan na manlalamang kami sa kapuwa. Dapat mas palakasin pa namin ang aming pananalig sa Diyos.

Panuto: Isulat sa sagutang papel ang iyong magiging kasagutan sa bawat katanungan.

1. Ano ang iyong napagtanto sa kuwentong binasa?
2. Ano-ano ang mga naipakitang kilos ng pananalig sa Diyos na nasa kuwento?
3. Gaano kahalaga ang ating pananalig sa Diyos?
4. Ano ang nagagawa ng ating pananalig sa Diyos sa ating buhay?

# *Isagawa*

## Independent Activity

Suriin natin ang mga bagay-bagay. Dugtungan ang di-tapos na pangungusap na nasa loob ng kahon at isulat sa isang malinis na papel ang iyong kasagutan.

(*Larawan*)

Ako si_________________________________________.

Nasa Baitang___________________________________.

Nag-aaral sa

___________________________________.

Ang aking Talento o abilidad ay__________________.

# *Tayahin*

Lagyan ng tsek (√) ang patlang kung ito ay tumutukoy sa iyong hilig o talento, at ekis (X) naman kung hindi. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Tumutugtog ng gitara. _______
2. Naglalaro ng **chess**. ________
3. Mahilig o magaling sa numero/ matematika. _______
4. Mahusay sa asignaturang Ingles. ________
5. Mahilig o magaling sa pagsasayaw. _______
6. Mahilig sumali sa pagguhit ng **poster/slogan**. _______
7. Tahimik at mahilig magbasa. _______
8. Mahilig sa pagsusulat ng isang maikling tula. _______
9. Magaling sa paglalarong ng **ball games** tulad ng **basketball** at **volleyball**. ________
10. Mahilig tumuklas o mag ekspiremento ng mga bagay bagay. _______


# *Karagdagang Gawain*

Suriin ulit ang iyong sagot sa ating ginawa sa Tayahin. Gumawa ng listahan ng mga bagay o gawain na ekis (X) ang iyong naging kasagutan. Isipin ng mabuti bakit ito ay hindi kasali sa iyong mga interesadong gawin. Ano ang maaari mong gawin upang ito ay magiging bahagi ng iyong kalakasan o talento pagdating ng araw?

Isulat sa iyong kuwaderno ang iyong paliwanag. Gawing payak at diretso sa punto ang iyong kasagutan o paliwanag.

## Subukin

Butasan ang mga bituin katulad ng nasa larawan at lagyan ito ng tali. Itali sa malaking butas ang maliit na bituin. Isabit ito sa bintana o kisame ng inyong bahay.



# Aralin 2 Pag-asa: Susi sa Minimithing Pangarap

Sa araling ito, hinahangad na maisapuso mo ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pag-asa at maisabuhay ito upang maging lakas sa pagbuo ng iyong mga pangarap para makamit ang tagumpay.

## *Balikan*

Buuin ang tsart tungkol sa isang pangarap na nais mong makamit. Isulat ito sa iyog sagutang papel.

| | |
|---|---|
| Ang aking mga gagawin habang ako ay nasa ikatlong baitang:<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>___________________ | Ang aking mga gagawin pagkatapos ko ng ikaanim na baitang:<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>___________________ |

## *Tuklasin*

Basahin ang kuwento.

**Si Daniel at Ang Kaniyang Tatlong Kaibigan**
Isinulat ni: Rina A. Albano
Hango sa kuwento sa bibliya



Mayroong apat na magkakaibigan. Ang kanilang mga pangalan ay Daniel, John, Lucas, at Mark. Sila ay mababait, matulungin, masunurin sa mga magulang at higit sa lahat ay mayroong takot at pananalig sa Diyos. Si Daniel ay nagdarasal tuwing umaga, tanghali at gabi. Sila ay nagtratrabaho sa isang napakamayamang tao sa kanilang lugar. Ito'y tinawag ng mga tao na hari. Sinusunod ng mga tao ang lahat ng utos maliban sa apat na magkakaibigan.

Ang utos ng hari ay walang ibang sasambahin kung hindi siya lamang, dahil kung mayroong lalabag sa utos ay itatapon sa isang madilim na yungib na puno ng liyon at tigre.

Minsan tinawag ng hari ang apat na magkakaibigan at inimbitahan ito ng hari na sabayan siya sa pagkain na ipinahanda niya para sa kanila. Pinagsabihan ang magkakaibigan na sundin ang kaniyang utos.

Hindi pinansin ni Daniel ang utos ng hari. Siya ay pumasok sa kaniyang silid at nagdasal sa Diyos. Nagalit ang hari nang narinig at nakita niya si Daniel na nagdarasal sa Diyos. Bunga ng kaniyang galit, ipinatawag si Daniel at sinabihan na itatapon ito sa yungib na puno ng liyon at tigre. Hindi nanlaban si Daniel, ginapos siya at inihulog sa yungib.



Habang nasa yungib si Daniel, taimtim siyang nagdasal. Hindi siya kinain ng mga liyon at tigre. Sa sobrang pananalig niya sa Diyos, pinaubaya niya ang lahat sa Diyos. Hindi mapakali ang hari sa ginawa niya kay Daniel, kaya pinuntahan niya ito at tiningnan kung buhay pa ba si Daniel. Tinawag niya ito ng tatlong beses at sumagot si Daniel, "Oo buhay pa po ako dahil may Diyos akong pinagkakatiwalaan at mayroon akong pananalig sa Kaniya". Kaya dahil sa sinabi ni Daniel sa hari, ang hari ay nagbago at mayroon ng pananalig sa totoong Diyos.

## Suriin

Sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Ano ang pangalan ng apat na magkakaibigan?
2. Ano ang tawag nila sa pinakamayang tao sa lugar nila?
3. Ano ang nilabag na utos ni Daniel?
4. Paano nalampsan ni Daniel ang pagsubok sa kaniya?
5. Paano makatutulong sa iyong sarili ang pananalig sa Diyos?

# Pagyamanin

Lagyan ng tsek ( ✓ ) ang mga na pahayag kung saan naaangkop ang iyong sagot. Sa bawat pahayag, pumili lamang ng isa sa tatlo:

a. Palagi mong ginagawa
b. Minsan mong ginagawa
c. Wala kang ginawa

| Sitwasyon | Palagi mong ginagawa | Minsan mong ginagawa | Wala kang ginawa |
|---|---|---|---|
| 1. Nagdarasal ako na makatapos sa pag-aaral | | | |
| 2. Nanalig ako hindi na lilindol pa sa aming lugar | | | |
| 3. Nanampalataya ako na bigyan palagi ng mabuting pangangatawan | | | |

# Isaisip

Ang pananalig sa Diyos ay nagpapakita sa totoong pananampalataya ng tao sa Kaniya kahit anumang pagsubok na darating sa kaniyang buhay. Tagumpay man o pagkatalo, mananampalataya pa rin tayo sa Kaniya. Habang tayo ay nagsisikap sa ating buhay ay manalig tayo na andiyan ang Diyos na gagabay sa atin.

Bata man o matanda, marami kang pagdadaanan sa buhay. Ang pagsubok ay isa sa magbibigay sa iyo ng lakas at lubos na pananalig sa Diyos.

## *Isagawa*

Sumulat ng isang pangungusap na nagpapakita ng pagkakaroon ng pag-asa sa sumusunod na pagsubok. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Nasalanta ang inyong bayan ng isang malakas na bagyo.
   Pangungusap na may pag-asa: ___________________
2. Di ako pumasa sa isang pagsusulit.
   Pangungusap na  may pag-asa: ____________________
3. Di napili sa palatuntunan sa pagsayaw.
   Pangungusap na may pag –asa: ____________________
4. Nadamay sa mga napagalitan ng guro.
   Pangungusap na may pag –asa: ___________________

## *Tayahin*

Piliin ang mga pangungusap na nagpapakita ng pagkakaroon ng pag-asa. Ipaliwanag ang iyong sagot kung bakit mo ito pinili. Isulat ang iyong sagot sa loob ng kahon. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. "Kaya natin ito!"

2. "Matatalo na ako. Mukhang magagaling ang aking mga katunggali."

3. "Magtatapos ako ng pag-aaral upang balang araw ay makatulong ako kay Nanay at Tatay. "

4. "Sana ay makauwi na ang aming Nanay mula sa Hong Kong. Palagi ko itong ipagdarasal."

# *Karagdagang Gawain*

Bago mo sagutin ang gawaing ito, basahin mo muna ang rubric.

Rubric sa pagtataya ng talata

| Mga krayterya | isang punto<br>( 1 ) | dalawang puntos<br>( 2 ) | tatlong puntos<br>( 3 ) |
|---|---|---|---|
| | Mahirap unawain ang pagkasulat ng pangungusap. | Malinis ngunit hindi lahat ay maayos ang pagkasulat ng pangungusap. | Malinis at maayos ang pagkasulat ng pangungusap. |

Panuto: Sumulat ng isa o dalawang talata. Isulat sa iyong sagutang papel.

Tanong:

Bilang isang batang nasa ikatlong baitang, paano mo maipapakita ang pag-asa para sa iyong minimithing pangarap kahit may pandemya tayong hinaharap?

# *Susi sa Pagwawasto*

| Pagyamanin p.16 | Suriin p.15 | Balikan p.12 |
| --- | --- | --- |
| Magkaiba ang sagot ng mga bata. | 1. Daniel, John, Lucas, Mark<br>2. Hari<br>3. Ang pagsamba sa Diyos.<br>(*Ang utos ng Hari ay walang ibang sasambahin kung hindi siya lamang.)*<br>4.Taimtim siyang (Daniel) nagdasal at sa sobrang pananalig niya sa Diyos, pinaubaya niya ang lahat sa Diyos.<br>(*Maaaring magkaiba ang pagbuo ng pangungusap ng mga bata.*)<br>5. (*Magkaiba ang sagot ng mga bata.*) | Magkaiba ang sagot ng mga bata. |

| Karagdagang Gawain p.20 | Tayahin p.19 | Isagawa p.18 |
| --- | --- | --- |
| Magkaiba ang sagot ng mga bata. | Magkaiba ang sagot ng mga bata. | Magkaiba ang sagot ng mga bata. |

# *Sanggunian*


Maria Carla M. Caraan et. al. *Edukasyon sa Pagpapakatao - ikatlong baitang : kagamitan ng mag-aaral sa sinugbuanong binisaya.* Unang Edisyon. Edited by Erico M. Habijan at Irene C. De Robles. Pasig City: Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat, 2014, 11-16.

Regina Mignon C. Bognot et. al. *Edukasyon sa Pagpapakatao - ikawalong baitang : modyul para sa mag-aaral. Unang Edisyon.* Unang Edisyon. Edited by Luisita B. Peralta. Pasig City: Department of Education - Instructional Materials Council Secretariat, 2013, 166-198.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph